# Gabay sa pederal na eleksyon




**Bisitahin ang elections.ca para sa opisyal na impormasyon tungkol sa pagboto at para sa mga itinatag na pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan**

**1-800-463-6868 / elections.ca / TTY 1-800-361-8935**

Elections Canada
EC 90332-TGL (02/2021)

# Ang iyong kalusugan at kaligtasan ay aming priyoridad

**Sa iyong polling station/istasyon sa pagboto, ang poll workers ay magsusuot ng mga mask. Magkakaroon din ng:**



Mga istasyon para sa hand sanitizer




Malinaw na mga marka para sa physical distancing



Isa lamang na poll worker bawat desk na nasa likod ng isang plexiglass na harang


**Kapag ikaw ay boboto, huwag kalimutang:**



Magsuot ng mask



Bibigyan ka namin ng lapis na isang beses lamang gagamitin upang markahan mo ang iyong balota, o kaya'y magdala ng iyong sariling pen o lapis





Magpraktis ng physical distancing sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kahit man lamang dalawang metrong distansiya mula sa mga botante at poll workers

**Kung nag-test ka ng positive para sa COVID-19, o mayroon kang mga sintomas nito, o kung may nakasalamuha kang taong may virus, bisitahin ang elections.ca upang mag-apply na bumoto sa pamamagitan ng mail/koreo.**

---

Ang polyetong ito ay makukuha sa iba't-ibang mga wika sa **elections.ca**. Para sa ibang mga format, tulad ng braille, large print, at DAISY, tawagan kami sa **1-800-463-6868** o kaya **1-800-361-8935 (TTY)**.

# Siguraduhing nakarehistro ka upang makakuha ka ng voter information card




**Kung ikaw ay nakarehistro,** dapat ay makatanggap ka ng voter information card sa mail pagkatapos magtawag ng eleksyon. Sasabihin sa iyo nito kung saan at kailan ka boboto. Dalhin ang card, kasama ang tinatanggap na ID, upang gawing mas madali ang proseso ng pagboto.

**Kung hindi ka nakatanggap ng card, o kung mali ang impormasyon na nasa card**, maaring hindi ka rehistrado, o maaring hindi up-to-date ang iyong voter information. Bisitahin ang **elections.ca** upang magrehistro o upang i-update ang iyong address, o kaya'y tawagan kami sa **1-800-463-6868** o kaya sa **1-800-361-8935 (TTY)** para humingi ng tulong. Maari ka ring magrehistro o mag-update ng iyong voter information kapag nagpunta ka upang bumoto.

---

## Upang magrehistro at bumoto sa pederal na eleksyon, ikaw ay dapat:

- isang Canadian citizen
- 18-taong-gulang man lamang sa araw ng eleksyon
- magpakita ng katunayan ng iyong identidad at address

# Mga paraan ng pagboto

**Maari kang bumoto halos kahit kailan sa panahon ng eleksyon.**
Piliin ang opsyon ng pagboto na pinakamainam para sa iyo.

## 1 Sa araw ng eleksyon

Ang istasyon sa pagboto na itinakda para sa iyo ay bukás nang 12 oras (ang mga oras ay paiba-iba, ayon sa time zone).

I-check ang iyong **voter information card** upang malaman kung saan at kailan ka maaring bumoto.

## 2 Sa advance polling days

Ang istasyon sa pagboto na itinakda para sa iyo ay bukás mula 9:00 a.m. hanggang 9:00 p.m. sa Biyernes at Sabado, Linggo at Lunes, sa linggo bago dumating ng araw ng eleksyon.

## 3 Sa pamamagitan ng koreo/mail

Mag-apply hanggang sa Martes bago dumating ng araw ng eleksyon, 6:00 p.m. Ikaw ay boboto gamit ang special ballot process. Siguraduhing matatanggap namin ang iyong minarkahang balota **hanggang sa araw ng eleksyon;** kung hindi ay hindi maisasama ang iyong balota sa pagbilang. Bisitahin ang **elections.ca** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga deadline at upang malaman kung ang pagboto sa pamamagitan ng koreo/mail ay ang tamang opsyon para sa iyo.

## 4 Sa anumang tanggapan ng Elections Canada kahit saan sa buong Canada


Magpunta sa anumang tanggapan ng Elections Canada kahit saan sa buong Canada hanggang sa Martes bago dumating ng araw ng eleksyon, 6:00 p.m. Ikaw ay boboto gamit ang special ballot process. Pagkatapos tinawag ang eleksyon, bisitahin ang **elections.ca** o kaya'y tumawag sa amin upang hanapin ang tanggapan ng Elections Canada na pinakamalapit sa iyo.

Oras na nag-apply ka na upang bumoto sa pamamagitan ng mail, o sa isang tanggapan ng Elections Canada, ito ang magiging **kaisa-isang** paraan na magagamit mo upang bumoto sa eleksyon na ito.

# Ihanda ang iyong ID upang bumoto

**Mayroon kang tatlong opsyon upang mapatunayan ang iyong identidad at address.**
Upang bumoto, ikaw ay dapat isang Canadian citizen at kahit 18-taong-gulang man lamang sa araw ng eleksyon.

**Opsyon 1**



### Ipakita ang isa sa mga ganitong uri ng ID

- ang iyong driver's licence
- anupamang card na inisyu ng isang gobyerno ng Canada (pederal, provincial/territorial, o lokal) na mayroong iyong retrato, pangalan, at kasalukuyang address

**o kaya**

**Opsyon 2**



\+



### Magpakita ng dalawang ID

Nakalagay dapat sa dalawang ito ang iyong pangalan, at ang isang ID man lamang ay dapat mayroong iyong kasalukuyang address.

**Mga halimbawa:**


- voter information card at bank statement
- utility bill at student ID card

**Walang ganitong ID? Walang problema!**


Mayroon pang ibang mga tinatanggap na ID.
Tingnan ang buong listahan sa **elections.ca**

**o kaya**

**Opsyon 3**



\+



### Kung wala kang ID

Maaari ka pa ring bumoto kung ipinahayag mo, nang nakasulat, ang iyong identidad at address, at kung magsasama ka ng isang taong nakakikilala sa iyo na magkokompirma ng iyong identidad at na nakatakda sa iyong istasyon sa pagboto.

Ang taong magkukumpirma ay kailangang magbigay ng katunayan ng kanyang sariling identidad at address.  Ang isang tao ay maaring mag-vouch para sa iisang tao lamang (maliban sa mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga).

# Mga tools at serbisyo na makakatulong sa pagboto

**Ang lahat ng mga botante ay tinatakdaan ng mga polling station para sa araw ng eleksyon at para sa advance polling days.** Pagkatapos tinawag ang eleksyon, siguraduhing accessible sa iyo ang polling station na itinakda para sa iyo. Upang malaman kung gaano ka-accessible ito:

- tingnan ang iyong voter information card
- bisitahin ang **elections.ca** at ipasok ang iyong postal code sa Voter Information Service box, o kaya
- tawagan kami sa **1-800-463-6868** o kaya sa **1-800-361-8935 (TTY)**

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa accessibility ng polling station na itinakda para sa iyo, tawagan kami sa **1-800-463-6868** o kaya **1-800-361-8935 (TTY)**.

Upang humingi ng tulong sa pagboto bago dumating ng araw ng eleksyon, kabilang ang pagsasalin sa wika at sign language, tawagan ang tanggapan ng Elections Canada sa iyong lugar hanggang sa Martes bago ng araw ng eleksyon, 6:00 p.m.

## Mga tools at serbisyo na makakatulong sa pagboto sa araw ng eleksyon

**Mas malaking balota** na may mga pangalan ng kandidato na nakasulat sa **malaking print**

**Malaking print** at **naka-braille na mga listahan** ng mga kandidato

**Tactile/makakapa at naka-braille na voting template**

**Mga magnifier (4x)**

**Pagsasalin sa wika at sign language** (at ibang tulong **kapag hiniling bago dumating ng araw ng eleksyon**)

**Tulong sa pagmarka ng iyong balota**
(Magdala ng taong kilala mo o tanungin ang isang election worker)

**Lapis na may malaking hawakan**
(limitado ang mga ito)
Maari mo rin dalhin ang iyong sariling pen o lapis

**Gabay sa pagpirma**

**Paunawa:** Ang Braille na listahan ng mga kandidato ay available lamang sa araw ng eleksyon. Ang large print ay available sa advance polling days at sa araw ng eleksyon.